

Pagsusuri sa Tala ng Kasaysayang Kriminal (Criminal History Record Check) (Pagsusuri sa Talaan ng Pulis (Police Record Check))

Isang Pagsusuri sa Talaan ng Pulis (Police Record Check) ang makakapagbigay ng mahalagang impormasyon (pandagdag pa sa Pagsusuri sa Pagtatrabaho Kasama ang Mga Bata (Working with Children Check)) na magagamit para tasahin ang kakayahan ng trabahong manatili sa trabaho at/o pag-boluntaryo kasama ang mga bata at kabataan. Ang pagtatasa ng impormasyon tungkol sa kasaysayang kriminal ay isang mahalagang estratehiya sa pamamahala ng panganib para matiyak na ang isang organisasyon ay di sadyang inilalantad ang mga bata at kabataan sa isang tao na maaring mailagay sila sa panganib.

Ang mga rekord ng kasaysayang kriminal, na batay sa data ng pagkakahatol sa isang krimen, ay may gawi na paliitin ang tunay na pangyayari ng isang pagkakasala. Ang mga sexual offender na bata ay maaaring magpatuloy na magkasala ng hindi kailanman nahuhuli, dahil ang karamihan sa mga bata, mga kabataan at adult ay hindi sinasabi ang tungkol sa kanilang naranasan na abuso o di inuulat ang abuso sa kanila sa awtoridad. Para sa nasabing dahilan, ang Police Record Checks ay bumubuo sa mas malawak na pamamaraan ng CAM para mabantayan ang mga bata at kabataan.

Mahalagang tandaan na ang kriminal na tala ay hindi awtomatikong hindi isinasama ang isang tao mula sa pagtatasa o pagboluntaryo sa Archdiocese at bahagi lang ng proseso ng pagtatasa.

Mula sa pananaw ng kaligtasan ng bata, ang impormasyon ng kasaysayang kriminal ay magagamit sa pagtatasa kung ang isang tao ay:

- maaaring maging isang banta sa mga bata at kabataan (at iba pa)
- ay di angkop na magsagawa ng mga likas na requirement ng isang tungkulin.

Hindi ito isang kilos ng diskriminasyon para matuklasan na ang isang tao ay di angkop para sa isang partikular na tungkulin kung ang tao ay di kayang gawin ang likas o mahahalagang requirement ng isang tungkulin.

HALIMBAWA

Ang isang grupo ng parokya ay ikinokonsidera ang pagkuha ng isang bus driver para ilipat ang mga kabataan mula sa nalalapit na mga secondary school papunta sa isang sentro ng komunidad para makapagbigay ng mga pagkain sa mga walang tirahan (homeless). Dagdag pa sa proseso ng pakikipanayam, ang Working with Children Check, at isang kasalukuyan at may bisang Victorian na Lisensiya sa Pagmamaneho (Victorian Driver's Licence), nais tiyakin ng grupo ng parokya na ang tao na napili para sa posisyon na ito ay magagampanan ang kanilang mga tungkulin sa ligtas na paraan.

Ang impormasyon tungkol sa kasaysayang kriminal ay makakapagbigay ng karagdagan at mahalagang impormasyon na makakatulong sa grupo ng boluntaryo na tasahin ang pagiging angkop ng mga kandidato. Sa pagtatasa ng pagiging angkop ng mga kandidato, ang grupo ng boluntaryo ay kailangang pumili ng kandidato na marahil na 'makakapagmaneho ang mga kabataan sa ligtas na paraan' patungo sa sentro ng komunidad. Kapag nire-review ang mga kandidato, ang impormasyon tungkol sa kasaysayang kriminal tungkol sa mga sala sa pagmamaneho ay maaaring makatulong sa grupo ng parokya na pumili ng naaangkop na kandidato.

Pagsusuri sa Tala ng Kasaysayang Kriminal (Criminal History Record Check) (Pagsusuri sa Talaan ng Pulis (Police Record Check))

SINO ANG KAILANGANG KUMUHA NG POLICE RECORD CHECK?

Ang lahat ng clergy at empleyado ng CAM ay hinihiling na kumuha ng isang Police Record Check.

Habang ang lahat ng mga boluntaryo sa Archdiocese na parokya, ahensiya at mga entity ay hinihiling na kumuha ng isang WWCC, hindi lahat ng mga boluntaryo ay kailangan kumuha ng Police Record Check. Ang mga Police Record Check ay kinakailangan ng mga nag-aapply o nagboboluntaryo sa mga tiyak na tungkulin at/o aktibidad na makokonsiderang isang pagbabanta ng panganib sa mga bata at kabataan sa loob ng mga parokya, ahensiya at entity ng Archdiocese.

Ang parokya, ahensiya at entity ng Mga Komite ng Pangangalaga sa Kaligtasan (Safeguarding Committees) ay hinihiling na ikonsidera ang mga likas na kahilingan sa tungkulin ng bawat boluntaryo at tasahin ang mga posibleng panganib sa mga bata at kabataan para matiyak kung ang Police Record Check ay kailangan para sa mga tiyak na tungkulin at/o aktibidad na gagawin ng mga boluntaryo.

Ang ilang mga halimbawa ng aktibidad sa loob ng tungkulin bilang boluntaryo na kailangan ang Police Record Check ay kinabibilangan ng:

- pagmamaneho
- pagbisita sa tahanan
- pagbisita sa mga special care na pasilidad (hal. mga refugee, ospital, nursing home)
- mga pagbisita sa community sport agencies (hal. mga disability support centre)
- mga pamamalagi ng magdamagan (hal. mga camp, interstate o overseas na pagbiyahe)
- mga rekord at/o pinansiyal na pamamahala na may pagtatasa sa personal na impormasyon tungkol sa mga pamilya, bata at kabataan (hal. pangalan, address, petsa ng kapanganakan, mga kaganapan sa pamilya).

Ang Safeguarding Committees ng parokya, ahensiya at entity ay hinihikayat na humingi ng payo mula sa Professional Standards Unit kung kailangan nila ng anumang tulong sa pagpapasya sa pangailangan ng isang Police Record Check para sa tiyak na mga tungkulin ng isang boluntaryo.

KAILAN KINAKAILAGNAN ANG ISANG POLICE RECORD CHECK?

Ang Police Record Check ay kailangan sa sandaling magsimula sa gawain o trabaho at tuwing 3 taon.

Sa interim period, kapag ang Police Record Check ay hindi pa natatamo, ang tao ay hinihiling na kumumpleto ng Criminal History Statutory Declaration form.

PATULOY NA OBLIGASYON PARA MAGPAHIWATIG NG NAUUGNAY NA IMPORMASYON SA CRIMINAL HISTORY

Dagdag pa dito, ang panahon ng pamamagitan bago ang susunod na Police Record Check, iyong sumasailalim sa isang Police Record Check ay hinihiling na sabihin sa kanilang 'employer' kung sila ay nasakdalan o nahatulan ng anumang salang kriminal na, o maaaring makatuwirang maturing na:

- may kaugnayan sa kanilang posisyon
- nauugnay sa mga likas na kahilingan ng kanilang posisyon
- may pagbabanta sa mga bata at kabataan.
- Ang kahilingan na ipahiwatig ang anumang mga mahahalagang pagbabago at pagkakahatol sa kanilang employer, ay kasama sa Code of Conduct.

Ang Archdiocese ay may pananagutan sa kaligtasan, kapakanan at dignidad ng lahat ng mga bata, mga kabataan at ang mga mahihinang adult.

Pagsusuri sa Tala ng Kasaysayang Kriminal (Criminal History Record Check) (Pagsusuri sa Talaan ng Pulis (Police Record Check))

PROSESO NG REVIEW PARA SA IMPORMASYON NG KRIMINAL NA KASAYSAYAN

Ang lahat ng impormasyon ng rekord ng criminal history hal. mapapahiwatig na mga kalalabasan, ay papakitunguhan ng lubos na may tiwala.

Kung malantad ang isang history ng mga salang krimen sanhi ng prosesong ito, ang paksang ito ay ipapatungo sa:

- ang Professional Standards Unit at Human Resources para sa assessment ng mga hatol o pagkakasakdal na maaaring magdulot ng pagbabanta ng panganib sa mga bata, kabataan at iba pa
- ang Vicar General at Professional Standards Unit para sa mga miyembro ng clergy.

Ang assessment ng impormasyon ng criminal history ay iababtay sa mga sumusunod na prinsipyo:

- ang kahalagahan ng (mga) sala sa mga kahilingan ng tungkulin
- ang kalikasan ng (mga) sala at ang kaugnayan nito sa isang partikular na tungkulin at mga pinapahalagahan ng parokya, ahensya o entity ng CAM
- ang tungkulin at kaugnayan nito sa mga bata, kabataan at mga mahihinang tao
- mga posibleng panganib sa mga bata, kabataan at mga mahihinang tao
- ang lumipas na panahon mula nang naganap ang pinakahuling sala
- ang salaw ng criminal history (hal. kung may katibayan ng isang pinatagal na criminal history na nagpapakita ng isang pattern ng pag-uugali)
- ang bilang at dalas ng mga sala (hal. para makapagtatag ng pattern ng pag-uugali)
- kung ang (mga) sala ay nagawa nang adult o menor de edad
- ang kalubhaan ng ibinigay na parusa
- kung ang sala ay isang krimen pa rin o kung ang sala ay nabawasan na ang bigat bilang krimen
- ang pagkatao mula nang ang (mga) sala ay nagawa
- iba pang mga nagpapagaan na factor na maaaring mahalagang isaalang-alang.

Ang clergy, mga empleyado at boluntaryo ay sasabihin sa pamamagitan ng kasulatan tungkol sa mga isyu na ikinababahala at ang impormasyon na ipinahiwatig sa pamamagitan ng Police Record Check na proseso at makakapagbigay ng oportunidad na makapagbigay ng karagdagang impormasyon o mapagtalunan ang anumang mga di mapapahiwatig na kinalabasan.

Ang CAM ay magsasagawa ng risk assessment na proseso para matiyak:

- kung ang tao ay makakatugon sa mga likas na requirement ng tungkulin
- posibleng panganib sa mga bata at kabataan
- kung ang tao ay maaaring italaga o makapagpatuloy sa kanilang posisyon.

Sasabihan ang tao sa pamamagitan ng kasulatan ang kinalabasan ng risk assessment at bibigyan ng suporta kung di sila makapagpatuloy sa kanilang tungkulin.

Pagsusuri sa Tala ng Kasaysayang Kriminal (Criminal History Record Check) (Pagsusuri sa Talaan ng Pulis (Police Record Check))

MGA REQUIREMENT PARA DOON SA DATING NANIRAHAN SA IBANG BANSA

Ang mga taong nanirahan sa ibang bansa ng 12 buwan o mas matagal pa sa loob ng nakaraang limang taon ay kailangang kumuha ng criminal record check para sa lahat ng mga bansa na isang mamamayan at para sa bawat bansa na tinirahan ng aplikante ng 12 buwan o mas matagal pa.

Ang requirement na ito ay gagamitin para sa:

- mga empleyado
- mga aplikante para magtrabaho
- mga tiyak na tungkulin bilang boluntaryo - basahin ang Mga Requirement para sa Criminal History Record Check para sa Mga Boluntaryo
- mga migrant na pari
- mga pari
- mga seminarian na nag-aral sa ibang bansa
- bumibisitang clergy.

Kung ang isang partikular na criminal record check ay hindi makukuha mula isang partikular na bansa, ayon sa payo ng Department of Foreign Affairs , kinakailangan kumuha ng nasa batas na deklarasyon na bumabalangkas sa mga pagsisikap na dapat gawin para makakuha ng foreign police check at isang pagpapahaag ng anumang mga hatol o napanglingkuran na hatol na may kinalaman sa malubhang sexual, violent o may kaugnayan sa droga na mga pagkakasala.

MGA RESPONSBILIDAD NG PAROKYA, AHENSYA AT ENTITY NA MAY KAUGNAYAN SA NATIONAL CRIMINAL RECORD CHECKS

Ang Archdiocesan na parokya, ahensya at entity ay dapat isangguni ang Police Check na dokumento at magtabi ng isang rehistro ng lahat ng pambansang criminal record check na kasama ang pangalan, petsa ng kapanganakan, posisyon, police certificate reference number, petsa ng pagpapalabas at petsa ng renewal ng tao, para matiyak na nagsagawa ng mga check para sa lahat ng mga nauugnay na tungkulin tuwing 3 taon.

Mga Nauugnay na Dokumento National Police Record Check Policy



Unang Bersyon:
Hulyo 2019 Professional
Standards Unit
psu@cam.org.au